**Presidential Communications Operations Office**

**Presidential News Desk**

# TALK TO THE PEOPLE OF

# PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART I)

[25 October 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Magandang gabi sa inyong lahat mga kababayan kong Pilipino.

We are here to give you the updates of the government's pandemic response at 'yung mga ibang bagay na dapat ninyong malaman. We would like to start by reporting good news.

Pumunta ako sa Sariaya Bypass Road in Quezon. We visited Quezon Province last week to inaugurate --- nagbisita kami doon sa Sariaya Bypass Road. Napakaganda ho nito. It is a new 7.42-kilometer bypass road starts at the Manila South Road/Daang Maharlika Road and ends at the Quezon Eco-Tourism Road.

The completion of this project is a testament to the --- well, let us give also honor to itong mga nagtatrabaho, 'yung nagpapala doon ng ilang buwan and the --- well, of course, the expertise of government 'yung nasa DPWH pati kay --- lalo na kay Secretary Villar. One of the most outstanding government official at present.

Kung may clip tayo doon sa Sariaya Bypass Road, ipakita mo lang para makita sa mga tao 'yung pera nila.

*[plays video clip]*

Mga kababayan ko, 'yung nakita ninyo na picture doon sa katabi ko nakalimutan ko, I'm sorry, but nag-resign na nga pala si senator --- ah si Secretary Villar to run for senator, so resign siya. Ang pinalit ko si Congressman Oging Mercado ng Leyte. Siya 'yung bagong DPWH.

At bago ko makalimutan, again, ang nandito sa atin ngayon joining us is Secretary Eduardo Año, he will have something to say about his department;

Secretary Delfin Lorenzana, the --- well, the commander-in-chief of the Crisis Action Plan for the entire country; si Secretary Carlito Galvez Jr., updates sa National Vaccination Program. I am sure that he has a very good news for you also. Then, sa video teleconference, we have Dr. Domingo… who has been --- was busy doing these days campaigning for is it I forgot the body and then Karlo --- Secretary Karlo Nograles and si Vince Dizon, he has no presentation but he might want to add his word to anything that is being discussed here. Then, si Secretary Medialdea and Senator Bong Go.

I have to read kasi itong mga figures binigay, it's a dynamic thing. Halos araw-araw may dumadating na ano eh na mga vaccines then we have to change the figures also last minute.

So para hindi ako magkamali basahin ko na lang sa inyo. Makinig na lang kayo tutal nakita naman ninyo ang mukha ko so puwede na akong magtingin sa baba.

Total doses administered as of October 24 is now more than 55.7 million, 'yung naturok na, of which 30 million are first dose and the 25 million are the second dose and single-dose vaccinations. Mayroon kasing iba dalawa. So mayroong ibang natapos na, mayroong ibang naghihintay pa. Pero may bakuna na tayo at 'yung iba 'yung single dose lang na isang turok lang, okay na… At the rate of 1 to 1.5 million in the next few days and weeks. So noong Friday, 724,000. Then, we plan to vaccinate at the rate of 1 to 1.5 million in the next few days and weeks.

Mahusay 'to kasi nandiyan na eh. Ang pagpadala na lang and the people --- ang tiga-bakuna. Tama 'yung… I've read or heard somewhere that itong mga nursing students na senior, I think they are being --- they will be mobilized to… Sino bang may alam niyan? Para magtulong sa bakuna. Puwede ito mga ano man ito, mga senior, but still students, I think. But I've heard it late this afternoon.

We also need to ramp up vaccination rate in various LGUs in order to reach our target of inoculating 50 million fully-vaccinated individuals by the end of the year. Ang plano natin is at the end of the year, 50 million sana. We cannot reach this target if we'll --- it will plateau at 400 or 500 daily jabs.

Kailangan mag-ano --- talagang walang hinto at 'yung mga bakuna na sana umabot na doon sa pinakamalayong lugar and the provincial, city, and municipal health officials will take over. Ang concern ko lang naman is that they --- they would be able to preserve the integrity of the vaccines. That is very important. Ibig sabihin na hindi expired, walang sira, hindi ma-contaminate and all. Iyan ang --- integrity 'yung pinakaano ng bakuna.

As of October 24, the Philippines has received more than 97.6 million doses of COVID-19 vaccines. Marami na tayong supply ng bakuna sa awa ng Diyos. I urge LGUs to come up with the most systematic and efficient way of finding out who among your constituents have not yet vaccinated. Please do everything to convince them to get vaccinated.

Actually my experience as mayor, 'pag ang mayor sinabi niya gusto niya itong gawin at talagang sabihin niya he will impose his authority, "gawin mo 'yan," ginagawa talaga. Depende na lang sa, ewan ko, diskarte mo o your relationship. Kasi may mga barangay captains na kontra-partido 'pag ganoon, 'yung iba naman kapartido mo. So the natural tendency of those of the opposite side will resist even in these matters na ganito.

Kaya ako sinasabi ko sa kanila either you follow us or you have to answer to Secretary Año ng DILG. Siya 'yung nagsu-supervise sa local governments. Ang mangyari niyan, talagang magkakaroon ka ng kaso. And bear in mind that alam mo ang kaso, even administratively, you can be dismissed. It includes dismissals from office; suspension, mga ganoon; forfeiture of pay; or outright dismissal.

Kaya wala naman tayong away dito sa bakuna, wala naman tayong away doon tayo sa sakit. Eh hindi man natin ito gusto. I'd like to appeal to the mayors and the barangay captains na magpasyal lang siya ng kalahating araw, tanungin niya kung sino pang hindi nabakunahan at sabihin niya na kung mayroong scheduled na bakuna, he will see to it na sabihin mo, "gusto kitang makita doon kasi maghahawa-hawa ka lang ng ibang tao kung ayaw mo."

The first phase of our vaccination of minors aged 12 to 17 launched in NCR last October 15 was successful. So binabakunahan na 'yung mga bata. On Friday, October 22, we launched Phase 2 of our pediatric vaccinations in more than --- with more hospitals participating in various LGUs in the National Capital Region.

Pero --- *[Binisaya 'yang pagka pero.]* pero aabot rin ito sa inyo in due time. It's just a matter maybe of days nandiyan na 'yung bakuna. Pag-transport lang and to gather the human resource there in the sitios where we intend to conduct the vaccination.

Kung sabi ko nga may cooperation lang tayo ng lahat ng mayors pati barangay captains, walang problema. But you know you have to impose your authority, not impose your will. Anything that you do, anything that we do here, this is not for --- hindi naman ito atin. Wala man tayong nakukuha

dito na magpagalit-galit ka. But you know, you have to sabihin mo na sunod ka nito kasi ito utos ng gobyerno.

As of October 24, more than 9,900 pediatric vaccinations in 26 hospitals have been recorded according to DOH. Around 144,000 minors are targeted for inoculation under the two-phase pediatric vaccination pilot in Metro Manila with priority to those with comorbidities.

Over --- itong overcoming the virus... Our recent three-day tally of new COVID cases as of October 23 went down to 5,000. Then na 5,000 papunta pa talaga sa 4,000. Medyo mababa na. So okay na siguro ang takbo natin sa awa ng Diyos, palagi tayo naaawa ng Diyos kasi kawawa tayo pagka iniwan tayo ng Diyos.

A similar downward trend for positivity rate was recorded from 10.3 percent on October 23 down to nine percent today. This means that only one out of 10 persons tested will turn as positive of COVID-19.

Another good news is that the reproduction rate of the virus continues to go down from 0.55 last Thursday, October 21, to only 0.52 on October 23. According to a criteria published by the World Health Organization on May 12, 2020, a reproduction rate of one, below one, is the decline indication that the epidemic is controlled, kontrolado na and declining.

We have to touch on the Blue Ribbon topic whether we like it or not. If you remember, I have a memorandum prohibiting the Cabinet members and other Executive officials appearing in the Senate Blue Ribbon Committee hearing without my permission.

At last, the members of the Senate Blue Ribbon Committee have finally seen the light.

We welcome this move of bringing the legality of the memorandum to the Supreme Court and we would like to congratulate the members for realizing, albeit late --- ibig sabihin even late --- that it is the court which should eventually decide on the constitutionality of the order and we will defend it.

But we are not saying that we are the best mind here. It's a question of law --- an issue of law and you know it could either go either way. You win, you lose. But ang maganda is ang Supreme Court dalhin mo doon kasi doon talaga magtapos itong --- my disagreement with the Blue Ribbon Committee because of their behavior and the way they treated.

Ang sabi ko nga naman you crumple, durugin na ninyo 'yung Pharmally. Pero iyong mga tao ko sa gobyerno, iyong ipinapatawag ninyo at pahintayin ninyo ng ilang oras at hindi naman ninyo tatawagin at kung nandoon iniinsulto ninyo, para bang walang alam, mga moron ang kaharap ninyo kung sabihin, "Ah, you are impertinent." Iyong mga ganoon, sa judge lang 'yan eh.

Ito dapat si Gordon, maglipat siya sa judiciary kasi doon siya magsigaw-sigaw at baka sa awa ng --- ang sheriff pa niya ang babaril sa kanya. Eh hindi ‘yang --- ‘yang ugali na 'yan, this is not feudal times. You have to be courteous. If you want to be treated with courtesy, you have to practice it.

Now, sinong maligayahan niyan kung ganoon ang ginagawa mo? Eh kung ako ang --- kung ako sakali na kung ako ang natawag, hindi mo ako masigawan nang ganoon, magsigawan tayo. Kulungin na ninyo ako hanggang kailang gusto ninyo. Pero I will not allow you to shout at me at hindi ako papayag nang ganoon. Magmurahan tayo diyan sa loob.

Eh magpunta ako Supreme Court. Sabihin ko, "Supreme Court, eh minumura ako nitong mga..." Anong gawain ko? Hindi naman ako boy. This is not... This is not --- hindi na panahon ng mga Katsila ito o Amerikano. You can ask the question without raising your voice or adding an insult to your remark. Mahirap ‘yan. Buti ito…

This is by far the most decent thing the committee has done and we are most eager to answer whatever questions you have regarding my not allowing officials of the Executive to attend your hearings that are legislative purposes.

Alam mo, pagdating ng Supreme Court, ipa-subpoena lang namin iyong entire proceedings nakuha ng TV. I think government also has a record. Sabihin namin sa Supreme Court, tingnan mo ang --- tingnan mo ang actuations, look at the behavior. Do you think that you'd be happy appearing there answering questions for the government?

Iyang... *[Ano bang tawag nitong…?]* Para lang 'yan sa law, eh abugado ito si ano eh. Para lang 'yan sa mga judges pati professor sa eskuwelahan. Huwag mong gawain 'yan dito sa ano, mga doktor 'yan, mga… Hindi naman...

Ewan ko sa inyo pero may election man. Eh sabi ko na nga sa Pilipino ang tigas ng ulo ninyo eh, tanggalin na ninyo 'yang matagal na diyan at walang ginagawa. Maggawa ako ng listahan kung sino ang dapat ibalik ninyo before the election. Maniwala kayo, ah mabuti. 'Pag hindi, eh mabuti. Makita mo rin

ganoon rin ang laro ng Pilipinas, eh wala ring ka --- walang ka... I don't know but 'yung arrogance ng --- the arrogance of power.

But you have failed to realize that because you have become unthinkingly enthusiastic --- *[Sino bang naglagay nitong unthinkingly? Hindi ko ma-pronounce 'to.]* --- on proving that there are irregularities in the procurement done by government and this has been disproven and refuted.

Kita mo naman, ano bang na-produce ninyo? Corruption? May lumabas ba? Ngayon, iyong mga tao na tinawag ninyo, anong nangyari? Sama lang ng loob. Namura sila. May kaso kayo? I-file ninyo. May Ombudsman naman. Doon nga dapat eh. At saka 'yung magtalo-talo tayo, eh Supreme Court na ang labanan natin diyan.

We thank God for the decline at 'pag magpatuloy tayo na sumunod lang sa gobyerno. Huwag mong tignan ang ano ganoon, sumunod ka lang, sumunod ka lang.

Ako, I always refer to Davao because galing ako doon at saka pinakatagal akong mayor, 23 years. Ang sinasabi ko lang doon pagka may maabutan ako na gulo, "Anong batas dito?" "Sir, ganito…" "Sundin ninyo, period. Kung ayaw ninyong sumunod, gusto ninyo pipilitin ko kayong sumunod kayo at hindi maganda 'yan. Hindi talaga maganda 'yan." Iyon lang. Wala nang maraming istorya-istorya.
"Sir, pinatawag ako nito." Ganoon, ganoon. "Bakit? Tapos anong nangyari, ganoon?" "Ano ba, sir?" "Oh, ito, ito 'yung batas. Huwag ka nang sumunod. Umuwi ka na." Karamihan niyan 'yung mga sa hini-hearing ng barangay, 'yung lupong [tagapamayapa]. That's a source of ano eh --- medyo magulo diyan sa barangay law. Kaya ganoon, sabihin mo lang, "what's the law?" Follow the law para wala tayong...

I'd like to hear Secretary Año first.

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Thank you po, Mr. President. *[Please put my slide.]*

Mahal na Pangulong Duterte; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; mga kasama sa Gabinete; mga kababayan; magandang gabi sa ating lahat.

Ako po ay nagagalak na ibahagi sa inyo ang mga nagawa ng DILG sa loob ng mahigit limang taon ng ating pamumuno.

*[Next slide.]*

Aming hinahangad sa DILG na maitaguyod ang mga komunidad upang mapanatiling mapayapa, progresibo, at matatag kung saan masayang naninirahan ang bawat Pilipino sa ilalim ng inyong pamumuno.

*[Next slide.]*

Dito po sa peaceful communities, pinaigting natin ang ating law enforcement and legal offensive kontra droga katuwang ang iba't ibang ahensiya na kasapi ng Inter-Agency Committee on Anti-Illegal Drugs or ICAD. Dahil dito, dumami ang mga operasyon, mga naaresto, at mga sumuko partikular na ang mga high-rank --- high-value targets na umaabot sa 13,244.

Pinalakas din natin ang mga inorganisadong institusyon katulad ng Anti-Drug Abuse Councils sa mga probinsiya, siyudad, munisipyo, at hanggang barangay upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa mga komunidad. Dahil po dito, halos 22,858 na barangay ang naideklarang drug cleared mula sa dating kabuuang 42,045 na apektado ng droga.

Nakikita po din natin na umabot po sa 64 billion ang ating nasamsam na droga. Hindi pa po kasama dito 'yung 10 bilyon na nakuha natin sa loob lamang po ng dalawang buwang nakaraan.

*[Next slide.]*

Atin ding na-rehabilitate ang mga naaresto at mga sumuko sa pamamagitan ng mga itinatag na Treatment and Rehabilitation Centers sa iba't ibang lugar at gayundin sa mga barangay. Dahil dito, kalahati sa may 1.2 million drug dependents na ito ay nakatapos na sa programa ng PNP. Sa buong bansa po ay mayroon na tayong 22 Regional Drug Abuse Treatment and Rehabilitation Center under po ng DOH.

*[Next slide.]*

Naging katuwang din tayo ng pamahalaan sa pagbibigay ng serbisyo at tulong sa malalayong komunidad upang mabawasan ang impluwensiya at

suporta nila sa mga communist terrorist group. Tinalakay din natin ang mga pangangailangan ng ating mga kababayan pati na rin sa pagbibigay ng financial assistance sa mga dating rebelde.

Nakikita po natin dito, total po ng 7,244 former rebels, regular at militia, ang nakatanggap ng 541 million financial assistance dahil sa E-CLIP.

*[Next slide.]*

Ating pinalakas ang hanay ng Philippine National Police, Bureau of Fire Protection, at Bureau of Jail Management and Penology sa pamamagitan nang pagtaas ng suweldo ng ating mga unipormadong kasama.

Maraming salamat po, Mr. President, sa pagdoble sa suweldo ng ating unipormadong hanay. Pati po kaming mga retardo --- retirado ay kasamang nakinabang po dito.

*[Next slide.]*

Kasama na dito po ang pagbili ng mga modernong kasangkapan gaya ng baril, sasakyan, komunikasyon, fire truck, at iba pang mga kanilang magagamit sa pagsasakatuparan ng kanilang mga tungkulin.

*[Next slide.]*

Hindi rin natin pinalampas ang mga tiwaling kawani sa PNP, Bureau of Fire Protection, at BJMP. Ang bawat reklamo ay masusing iniimbestigahan. Ang mga mapapatunayang nagkasala ay pinatawan ng mga karampatang parusa o tinatanggal sa serbisyo.

Halos limang libo po ang pinarusahan ng NAPOLCOM, at 5,178 police officers din ang natanggal sa serbisyo. Atin ding pinaigting ang pagpapatibay ng character, kakayahan, at kapasidad ng ating mga unipormadong hanay upang maging mas epektibo ang pagtupad sa kanilang mga tungkulin.

*[Next slide.]*

Dahil din sa mga hakbanging ito ay bumaba ang dami ng krimen sa ating bansa ng 34 percent, at mga index crime ng 70 percent noong 2020 kumpara sa taong 2016, at patuloy po itong bumababa ngayong taon. Kahit po sa survey, masasabi po na ang mga kababayan natin ay sabi nila ay mas feel nilang ligtas sila, according po sa ating survey.

*[Next slide.]*

Bukod po sa pagpapanatili ng kapayapaan, tuloy-tuloy pa rin ang pagpapanday upang maging progresibo ang ating mga komunidad. Ito ay sa pamamagitan nang pagsuporta sa pagpapatayo ng mga mahahalagang imprastruktura at iba pang proyekto na siyang susi sa tunay na pag-unlad ng mga barangay. Sa katunayan nga po ay mayroon po tayong Support to the Barangay Development Program na kung saan po ay nakapag-release na po tayo ng 16.24 billion para sa 812 barangays, at ito po ay binubuo ng 2,317 projects. Ito po 'yung mga barangay na ating na-clear mula po sa impluwensiya ng Communist Party of the Philippines at New People's Army.

At dito po kasama ang mga proyekto upang masigurado ang mayroong mapagkukuhanan ng tubig ang bawat komunidad sa ating bansa. Dito po sa ating SALINTUBIG at assistance to municipalities na nakatutok sa water projects. Three million households po ang nakinabang dito sa mga nabigyan natin nang malinis na tubig.

At nagpatayo rin tayo ng mga kalsada, tulay, at iba pang mga mahahalagang imprastruktura tulad ng evacuation centers na ginagamit ng mga mamamayan. Ang total po sa assistance to municipalities at conditional match grant program sa ating mga probinsiya, nakapagtayo tayo ng kalsada na kasing haba ng 6,218 kilometers sa buong bansa.

*[Next slide.]*

Pinatatag din natin ang mabuting pamamahala sa pagbibigay ng mga insentibo sa mga performing na LGUs at pagpapalakas sa kanilang mga kapasidad sa pagbibigay ng mga serbisyo sa komunidad. Pinapatibay tayo ng pagsasabatas ng Seal of Good Local Governance Act para sa patuloy na payabungin ang good local governance sa buong bansa at sa mga susunod pang mga taon.

*[Next slide.]*

At bilang pinuno ng Participatory Governance Cluster, nanguna ang DILG upang bigyan natin sila ng mga plataporma kung saan sila makapagdulog ng mga hinaing, makapagbigay suhestiyon, at bantayan ang mga lokal na pamahalaan.

Marami din silang naiparating na mga emergency o krimen sa kanilang lugar sa pamamagitan nang pinalakas nating Emergency 911 Hotline. Ang Emergency 911 Hotline po ang unang-unang ho niyong pinag-utos nang inyong pag-upo sa inyong pagka-presidency. At ito pong ating 911 ay

nakatanggap ng 8.3 million calls at 99.62 percent po ay tinugunan natin ang lahat ng tawag na mayroong emergency at importanteng tawag.

*[Next slide.]*

Ang mga hinaing kontra sa korapsyon at iligal na gawain ay ating tinugunan. Kahit sa panahon ng pandemya, hindi natin pinalampas ang mga kasong ito. Amin pong inimbestigahan at sinampahan ng mga karampatang kaso, ito man ay tungkol sa korapsyon sa kaban o pondo ng bayan, sa mga road clearing operations na ginawa natin, at sa COVID-19 response kasama na rin po ang pagdi-distribute ng ating ayuda.

*[Next slide.]*

Aming ipinatupad ang mga hakbang upang maging business-friendly ang ating mga LGUs sa pamamagitan nang pag-streamline ng mga proseso para sa business permits at licenses, at mga permit para sa pagpapatayo ng telecommunication towers. Ating binuksan ang lokal na ekonomiya sa mga bagong negosyo at pagpapalakas ng internet connectivity na siyang magdudulot ng dagdag na kabuhayan sa ating mga komunidad.

*[Next slide.]*

Patuloy nating pinapalakas din ang mga kababaihan, kabataan at mga kapatid nating Muslim sa pamamagitan ng mga polisiya at programa ng ating tatlong komisyon.

*[Next slide.]*

Patungkol naman po sa kahandaan at pagharap sa mga kalamidad, ang DILG ay nanguna sa mga preparedness efforts para maihanda ang bawat LGU sa pagharap sa sakuna. Sa pamamagitan ng Operation Listo ay ating nailatag ang mga kinakailangang tugunan ng ating mga LGUs, mapabagyo, lindol, o kahit pandemya. At dito rin po ay ni-required natin ang lahat ng mayors, governors, na sa lahat po ng sakuna, kalamidad, 100 percent ang kanila pong presence dapat sa kanilang area bago, habang, at matapos ang anumang kalamidad.

Dineploy din natin ang mga kasapi ng PNP at Bureau of Fire Protection upang agarang tumugon sa mga kalamidad. Tulad noong taong 2020, mayroon pong 42,080 officers ang tumulong sa mga apektado ng mga bagyong dumaan at 3,795 naman ang nagbigay ng kanilang serbisyo sa pag-alburoto ng Bulkang Taal.

At bilang tugon sa direktiba ng ating Pangulo, pinangunahan ng DILG kasama ang ibang mga ahensiya ng pamahalaan katulad po ng DENR at Department of Tourism ang mga hakbang upang malinis ang ating mga pampublikong lugar, mapakalsada man, tourist hub tulad ng El Nido, Siargao, Baguio, Manila Bay. Kasama na din po noong ipinasara ninyo ang Boracay noong 2018 at kumpletong pag-rehabilitate ng ating Boracay Island.

*[Next slide.]*

Sa pagharap sa pandaigdigang pandemyang dulot ng COVID-19, sinigurado ng Kagawaran na umaayon ang bawat LGU sa mga direktiba ng IATF kasama dito ang pagsunod sa mga minimum health standards at community quarantine protocols.

Inatasan din namin --- next slide --- inatasan din namin ang mga LGUs na magbuo ng kani-kanilang contact tracing teams na pinalakas lalo ng contact tracers na kinuha ng ating ahensiya para na rin sa pag-roll out ng StaySafe.PH application. Patuloy din naming sinisiguro na ang bawat LGU ay may mga isolation facilities pati na rin ang pagtuloy sa mga pangangalaga sa mga nagpositibo sa COVID-19.

*[Next slide.]*

Sinigurado din natin na ligtas na maibukas ang ating lokal na ekonomiya sa pamamagitan nang pagbibigay ng Safety Seal Certification sa mga establishments at lokal na pamahalaan pati na din ang pagpapabilis nang pagbabakuna ng mga LGUs sa kanilang mga nasasakupan. Kasama din po ang Philippine National Police, BFP at BJMP na siyang naging kaagapay ng departamento sa mga aktibidad ng mga LGUs sa pagbabakuna.

Katulad nga po ng utos ninyo, atin pong pinulong ang mga mayors at governors noong nakaraang Biyernes. At ngayon po ay todo bakuna na tayo sapagkat ang atin pong layunin ay ma-attain ang 70 percent na first dose ng eligible population by November 30, at 70 percent ng eligible population ang fully vaccinated by December 31, 2021. At atin pong kakasuhan ang mga

concerned LGUs kapag mayroon pong nasayang o nag-expire na mga bakuna.

Dahil din po dito, saludo ako sa bawat miyembro ng DILG at mga kaugnay naming ahensiya dahil sa kanilang pagpupursige at patuloy na makamit ang ating mga hangarin. At dahil nga po sa banta ng pandemya, 175 po sa aming kasamahan ay pumanaw dahil sa COVID-19.

Hindi namin sasayangin ang mga sakripisyong ito at patuloy naming paghahandaan ang mga hamon ng kinabukasan. Aming sisiguraduhin na lahat ng ating nakamit na kapayapaan, kaunlaran, at mabuting pamamahala ay mararamdaman pa sa mga susunod na taon.

Maigi rin naming pinaghahandaan ang full implementation ng Supreme Court ruling na Mandanas-Garcia petitions. Kasama po dito ang mga aktibidad at technical assistance sa pagbuo ng mga LGU devolution transition plan at mga kasamang capacity development interventions ng Kagawaran.

Mas palalakasin namin ang aming oversight function upang masigurado na maayos at maipatutupad ng mga LGUs ang kanilang mga mandato sa paglaki ng kanilang mga pondo simula sa susunod na taon.

Sinusuportahan din namin ang mga hakbang ng COMELEC para masigurado na ligtas at payapa ang pangangampanya at pagboto sa halalan sa susunod na taon. Pinaghahandaan na din namin ang mga kakailanganin na capacity development para sa mga bagong mahahalal na mga lokal na opisyal pagkatapos ng halalan.

At dito po nagtatapos ang aking ulat ukol sa mga programa at inisyatibo ng Kagawaran. Makakaasa po kayo na hindi titigil ang DILG family sa pagtugon sa tawag nang pagsisilbi sa bayan at para sa bawat mamamayang Pilipino. Maraming salamat po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** It was a good report, Secretary Año. Now we go to Secretary Lorenzana.

**DND SECRETARY DELFIN LORENZANA:** Good evening, Mayor. Good evening, ES and SBG, at magandang gabi rin sa mga kasamahan ko sa Gabinete.

Ito po ‘yung ating mga nakalap na mga ulat nitong nakaraang linggo, Mayor, sa ating Crisis Action Plan. Kung matandaan po ninyo, ating itinatag ito noong mga dalawang buwan na ang nakakaraan noong biglang tumaas ‘yung bagong kaso ng COVID na umabot ng 22,000.

Ipakikita po natin ngayon dito ‘yung mga magagandang balita sa --- makikita natin mamaya sa mga nangyayari sa kapaligiran at sa kapuluan.

*[Next slide, please.]*

Pareho lang po ‘yung ating contact tracers, hindi naman dumami. Sa halip nga, mayroong --- kumaunti pa ito ng 20,000 noong nakaraang linggo dahil hindi na na-renew ‘yung kanilang contract. Ito pa rin ‘yung ating na-trace noong mga nakaraang linggo. Ang COVID-19 test conducted ay [379,620] noong nakaraang linggo. Ang total na tayo ngayon ay 21.2 million.

*[Next slide, please. Next slide. Next slide, please.]*

Itong magandang numero, Mayor, itong licensed beds natin, ang occupancy rate natin ay 17 percent na lang, napakarami nating bakante. Ang ibig sabihin ay kumakaunti na ‘yung mga nagpupunta sa ospital na maselan ang kalagayan.

*[Next slide.]*

Ito rin naman po ‘yung ano, minimum public health standards strictly implemented ay bumaba rin po, Mayor. Iyong violation of itong minimum public health standard ay 56 percent ang ibinaba; ‘yung barred from exiting checkpoints, 53 percent; at saka ‘yung UPORs ay 60 percent. Ibig sabihin po

ay tumutupad lahat --- maraming tumutupad sa mga public health standard natin.

*[Next slide.]*

Ito, maganda po ito dahil ‘yung ating healthcare --- HCUR, healthcare utilization rate, ay bumaba na naman sa 48 percent. Halos kalahati na lang po ang --- ang okupado sa mga hospitals natin. Mayroon tayong licensed hospital beds na 40,000, ibig sabihin 20,000 lang ang naokupahan diyan; ICU is 4,420; 20,881 naman ‘yung isolation unit; at saka 14,856 ‘yung wards; at saka mechanical ventilators ay 3,243.

*[Next slide, please.]*

Ito naman ‘yung ating sub-clusters, ‘yung mga dumarating mula sa ibang bansa, 16,000 --- 16,753 OFWs ang na-quarantine natin. Ang total po ngayon, running total ay 277,591.

Itong positivity rate natin nung mga dumarating na returning overseas Filipinos ay bumaba sa 1.42. Napakaliit lang ito, Mayor, itong numero na ‘to, which means that ‘yung mga dumarating ay hindi na masyado silang infected; 11,985 naman ‘yung fully vaccinated na ROFs; and foreigners assisted nationals, total of 123,357.

*[Next slide, please.]*

Ito naman ‘yung ating border sub-cluster. Iyong quarantine rooms for returning Filipinos in NCR, Clark, Cebu, Davao ay 80,687; ang occupancy rate ay 74 percent. Maganda pong numero ito dahil hindi napupuno ‘yung ating mga isolation --- ‘yung mga quarantine rooms. Dito naman sa isolation rooms ay 40 percent ang occupancy rate. Iyong seafarers, ‘yung mga nagtatrabaho sa dagat na ating natulungan ay 17,462.

*[Next slide.]*

Ito naman ‘yung returned to the country via repatriation flights, 350; 2,478 through 12 Bayanihan flights; at saka tayo ay nakatulong din sa 2,686 returned to their provinces through the PITX under the Balik Probinsiya & Uwian na Program.

*[Next slide, please.]*

Ito naman po nagbago nang kaunti itong ating AFP vaccination. Mayroong nadagdag na 2,000 kaya 77 percent na ngayon ang vaccinated. Ngayon po ay bibigyan ang AFP ni Secretary Galvez ng 200,000 para tapos na po ‘yung pagbabakuna ng AFP kasama na ‘yung uniformed personnel, mga dependents, iyong CAFGU at saka SCAA. So pagka natapos po ‘yun ay kumpleto na ‘yung AFP at saka ‘yung mga tao nila.

*[Next slide, please.]*

Ito naman po ‘yung binabantayan ng National Disaster Risk Reduction Management Council na pinangungunahan ko, itong panahon. Mayroon po tayong tatlong low pressure area rito. Ang pinakamalaki dito sa may bandang Palawan at saka dito sa may bandang Central Luzon at saka dito sa may Visayas.

Wala pong nagbabantang bagyo sa atin kaya ligtas po tayo sa bagyo nitong mga hinaharap na mga araw. Pero ‘yung ulan po ay palagi. Kung napapansin po ninyo, araw-araw umuulan ngayon dahil po sa low pressure areas dito na tatlo na ‘yan.

*[Next slide.]*

Iyon lang po, mahal na Presidente. Maraming salamat po. Thank you.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Lorenzana. Now, mag-timeout muna tayo.

--- END ---